


# Gabay para sa mga Magulang o Tagapag-alaga ng mga Sanggol at Bata Edad na 1 buwan hanggang 17 taong gulang



## Kailan ko kailangang tumawag sa 911?

### Kailan ako dapat tumawag sa healthcare provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) ng aking sanggol o anak?

Dapat mong kontakin ang health care provider ng iyong sanggol o anak kung siya ay mayroon ng alinman sa mga sumusunod na sintomas ng COVID-19, gaya ng:

- agnat na nasa 100°F (37.8°C) o mas mataas pa
- Labis na pagtulog o nahihirapang gumising
- Sinusumpong, pagkairita, pagkalito
- Panibagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy
- Alinman sa mga sumusunod na bago o naiiba kaysa karaniwan:
  - Pananakit ng tiyan
  - Pananakit ng ulo
  - Baradong ilong o tumutulong sipon
  - Ubo o pananakit ng lalamunan
- Hindi maipaliwanag na mga pananakit ng kalamnan
- Pagkaalibadbad o pagsusuka
- Pagtatae
- Walang ganang kumain (hindi pagsuso sa mga sanggol)
- Nahihirapang huminga, na katulad ng:
  - Mas mabilis na paghinga<sup>1</sup>, gaya ng:
    - Mas mabilis sa 60 paghinga kada minuto para sa mga nasa edad na 0-2 buwan
    - Mas mabilis sa 50 paghinga kada minuto para sa mga nasa edad na 2 buwan hanggang 1 taon
    - Mas mabilis sa 40 paghinga kada minuto para sa mga nasa edad na 1 hanggang 2 taon
  - Paghilab ng tiyan (stomach sucking) na mas madalas kapag humihinga
  - Pagkahilat ng balat sa palibot ng tadyang (ribs) at buto ng kwelyo (collar bone) sa bawat paghinga
  - Pagsandig (slouching) o pag-upo na ang mga braso ay nakadiin sa matigas na ibabaw para makatulong sa paghinga
  - Pagbuka ng butas ng ilong
  - Taas-baba ang ulo sa bawat paghinga (sa mga sanggol)
  - Maingay na paghinga, gaya ng humuhuning paghinga o pag-ungol.

- Mas madalas na pamamahinga kaysa karaniwan sa panahon ng paglalaro at hindi makahabol sa mga kaibigan
- Paglayo sa suso o sinusulong botelya para huminga (sa mga sanggol at paslit na bata)

### Ang mga pinakakaraniwang sintomas ng COVID-19 sa mga bata at ubo at/o lagnat.

Ang listahang ito ay hindi naglalaman ng lahat ng posibleng sintomas. Mangyaring makipag-ugnay sa iyong medical provider (medikal na tagapagkaloob ng pangangalaga) para sa anumang iba pang mga sintomas na malubha o nagbibigay sa iyo ng pag-aalala.

<sup>1</sup> Paano mahahanap ang antas ng paghinga ng iyong anak: Kapag natutulog ang iyong sanggol/paslit na anak, bilangan kung ilang beses tumataas at bumababa ang kanilang tiyan sa loob ng 30 segundo. Ang isang pagtaas at pagbaba ay katumbas ng isang paghinga. Doblehin ang bilang na iyon at makakakuha ka ng antas ng paghinga kada minuto. Kapag ang iyong anak ay nahihirapang huminga, maaaring maging mas mabilis ang kanilang paghinga.

### Kailan ako dapat tumawag sa 911 para sa aking anak?

Ang iyong sanggol o anak ay mangangailangan ng medikal na tulong sa lalong madaling panahon kung mayroon silang **ALINMAN sa mga sumusunod na sintomas:**

- Tumigil sila sa paghinga ng 15 segundo o mas matagal pa.
- Labis na nahihirapang huminga, gaya ng pasinghap-singhap na paghinga, malubhang paghuni sa paghinga, pagbuka ng butas ng ilong, pag-ungol, o hindi makalakad o makapagsalita nang hindi hinahabol ang paghinga.
- Nangingitim ang balat, na lalong kapansin-pansin sa palibot ng mga labi, kuko, at gilagid. Maaaring hindi ito nakikita sa mga mas maitim ang kulay ng balat, kaya't lalong subaybayan ang paghinga at pagkilos ng iyong anak.
- Pananakit o paninikip ng dibdib na hindi mawala-wala.
- Nalilito o napaka-irritable.
- Walang malay o nahihirapang gumising.
- Bago o lumalalang pangingsay o mga kumbulsyon.

**Kung tatawag ka sa 911, sabihin sa operator na naghahanap ka ng pangangalaga sa iyong anak sa sanggol o anak na mayroon o maaaring mayroong COVID-19.**



## ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY PUBLIC HEALTH DEPARTMENT

Colleen Chawla – Agency Director  
Kimi Watkins-Tartt – Director  
Nicholas Moss, MD – Health Officer

### Contact

Public Health Department:  
(510) 267-8000 Main Line  
COVID-19 Information:  
(510) 268-2101

[www.acphd.org](http://www.acphd.org)